



Wikang Filipino sa Panahon ng Digital: Mananatili Ba ang Wika sa Panahon ng Social Media?

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

Sa isang mundong halos lahat ay maaaring sabihin, ibahagi, at basahin sa pamamagitan ng isang pindot, hindi maikakaila ang napakalaking papel ng social media sa pagbabago ng paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga Pilipino. Sa Facebook, TikTok, Messenger, Instagram, at iba pang digital platforms, mabilis na umuusbong ang mga bagong salita, pinaikling anyo, code-switching, memes, at malikhaing paraan ng pagpapahayag. Dahil dito, maaaring itanong: mananatili pa ba ang wikang Filipino sa panahon ng social media?

Ang sagot ay oo—ngunit hindi nangangahulugang mananatili itong eksaktong katulad ng Filipino na nakasanayan natin. Ang wika ay buhay. Nagbabago ito kasabay ng pagbabago ng lipunan at ng mga teknolohiyang ginagamit ng mga tao. Ipinakita ni Androutsopoulos (2014a) na ang social networking ay nagbubukas ng mga bagong paraan ng pagpili at paggamit ng wika, lalo na sa mga multilingual na kabataan. Sa online spaces, maaaring gumamit ang isang tao ng Filipino, English, o kombinasyon ng dalawa depende sa kausap, layunin, at konteksto.

Hindi rin nangangahulugan na ang paggamit ng “Taglish,” abbreviations, emojis, at internet slang ay awtomatikong pagkasira ng Filipino. Sa halip, maaaring tingnan ang mga ito bilang bahagi ng linguistic creativity. Ayon kay Androutsopoulos (2014b), ang social media ay nagiging espasyo kung saan ang mga gumagamit ay pumipili at nag-aayos ng kanilang linguistic repertoires upang makalikha ng kahulugan para sa kanilang audience. Ang isang post na may halong Filipino at English ay maaaring magpahayag hindi lamang ng impormasyon kundi pati humor, intimacy, identity, at social belonging.

Mahalaga rin ang usapin ng identidad. Ipinapaliwanag nina Bucholtz at Hall (2005) na ang identidad ay nalilikha at naipapakita sa pamamagitan ng linguistic at semiotic practices. Sa madaling salita, kung paano tayo magsalita o sumulat ay bahagi ng kung paano natin ipinakikilala ang ating sarili. Sa social media, maaaring gamitin ng isang kabataan ang Filipino upang ipakita ang pagiging malapit sa kulturang Pilipino, habang ginagamit naman ang English upang makibagay sa isang partikular na online community.

Gayunman, may tunay na panganib kapag naging limitado ang paggamit ng Filipino sa digital spaces. Kung ang mga kabataan ay palaging nakalantad sa dominanteng wika at bihirang gumamit ng Filipino sa makabuluhang diskurso, maaaring lumiit ang mga larangang kinabibilangan ng Filipino. Ipinakita ni Lising (2022), sa pag-aaral ng mga pamilyang Filipino sa Australia, na ang language beliefs at social pressures ay may malaking impluwensiya sa pagpili ng wikang ginagamit sa tahanan.





Dahil dito, hindi sapat na sabihing “hayaan nating magbago ang wika.” Kailangang tiyakin na ang Filipino ay patuloy na ginagamit sa edukasyon, pananaliksik, pamamahayag, sining, teknolohiya, at digital content. Ang digital world ay hindi dapat tingnan bilang kalaban ng Filipino. Maaari itong maging pinakamalawak nitong tahanan.

Sa huli, hindi social media ang magpapasya kung mamamatay o mabubuhay ang wikang Filipino. Tayo ang magpapasya. Kapag patuloy natin itong ginagamit, nililikha, itinuturo, at ipinagmamalaki, mananatili itong buhay. Maaaring magbago ang anyo nito, ngunit ang mahalaga ay hindi mawala ang tinig na Pilipino sa likod ng bawat salita.

References

- Androutsopoulos, J. (2014a). Linguaging when contexts collapse: Audience design in social networking. *Discourse, Context & Media*, 4–5, 62–73. <https://doi.org/10.1016/j.dcm.2014.08.006>
- Androutsopoulos, J. (2014b). Moments of sharing: Entextualization and linguistic repertoires in social networking. *Journal of Pragmatics*, 73, 4–18. <https://doi.org/10.1016/j.pragma.2014.07.013>
- Bucholtz, M., & Hall, K. (2005). Identity and interaction: A sociocultural linguistic approach. *Discourse Studies*, 7(4–5), 585–614. <https://doi.org/10.1177/1461445605054407>
- Lising, L. (2022). “I want her to be able to think in English”: Challenges to heritage language maintenance in a monolingual society. *Multilingua*, 41(5), 549–569. <https://doi.org/10.1515/multi-2021-0106>
- Torsh, H. I. (2026). The digital shift in parental strategies for heritage language maintenance. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 47(5), 2855–2871. <https://doi.org/10.1080/01434632.2025.2491607>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000008; Natanggap: Enero 10, 2026; Tinanggap: Enero 13, 2026; Nailathala: Enero 15, 2026

SIPI:

Tiana, Lorena B. (2026). *Wikang Filipino sa Panahon ng Digital: Mananatili Ba ang Wika sa Panahon ng Social Media?* Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI: 10.64591/s0k3jb94

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

